# Mga Madalas Itanong

## Bakit mag-iiskedyul ng konsultasyon sa video?

Madali ang konsultasyon sa video para makausap ang inyong tagabigay ng serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan na hindi na kailangang bumiyahe at maghintay na makipagkita sa klinika.

## Ano ang kailangan ko para sa konsultasyon sa video?

1. Isang device na may mga function na audio-video (smartphone, iPad/tablet, o computer)
2. Isang malakas na koneksiyon sa internet
3. Isang tahimik at pribadong lugar sa oras ng inyong konsultasyon sa video

## Paano ako makakasali sa konsultasyon sa video?

Basahin sa loob ang 3 simpleng hakbang para makapasok sa inyong konsultasyon sa video.

Tanungin sa inyong tagabigay ng serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan o kawani sa klinika kung angkop sa inyo ang konsultasyon sa video.

Para malaman ang higit pa sa mga konsultasyon sa video, pumunta sa **sf.gov/video-visits**

# Mag-iskedyul ng Konsultasyon sa Video

## Ligtas, madali, at accessible na pangangalaga ng kalusugan.



San Francisco Health Network

SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH


# Pagsali sa Inyong Konsultasyon sa Video

## HAKBANG 1

### I-click ang link ng konsultasyon sa video.

Sa araw at oras ng inyong konsultasyon, makakatanggap kayo ng link sa text o email. I-click o i-tap ang link para masimulan ang konsultasyon sa video.


**mag-click dito →**




## HAKBANG 2

### I-click ang "Allow."

Kailangang pahintulutan ninyo ang access sa mikropono at camera ng inyong device para makita at marinig kayo ng inyong tagabigay ng serbisyo.




## HAKBANG 3

### I-click ang "Join Call."

Maikokonekta na kayo sa inyong tagabigay ng serbisyo para simulan ang inyong konsultasyon sa video!




## Para sa mga pasyenteng may MyChart account:

Magiging accessible ang inyong link ng konsultasyon sa video sa MyChart sa oras na ma-iskedyul na ang konsultasyon sa video. Para sumali sa inyong konsultasyon sa video, mag-log in sa MyChart, buksan ang "Visits" tab, at i-click ang link sa konsultasyon sa video. **mychart.sfdph.org**